# Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 38

"11 Mapapalad kayo pagka kayo'y inaalimura, at kayo'y pinaguusig, at kayo'y pinagwiwikaan ng sarisaring masama na pawang kasinungalingan, dat kayo'y pinagwiwikaan ng sarisaring masama na pawang kasinungalingan, dahil sa akin." (Mateo 5:11)

Mapapalad kayo pagka kayo'y inaalimura: Ang mga salitang ito ay partikular na nakadirekta sa atin, ang mga alagad ni Cristo, at ang nakaplano upang ipaalam sa atin, na hindi dapat tayong malibre mula sa pagsaway at paguusig para pagtibayin tayo at palakasin tayo laban doon. Partikular ang unang mga Kristiyano, ay tiniis alang alang para kay Cristo. Malalampasan natin yan. Ang mga tao ay sisiraan tayo, magsasalita ng labis na kahihiyan, tatak sa atin ang kahihiyan, at bibigyan tayo ng kahihiyan at uusigin tayo dahil kay Cristo.

Hindi kasama dito ang mga nagdurusa nang makatarungan para sa kanilang mga tunay na krimen at kasalanan, dahil iyon ang kanilang kaparusahan: "Nguni't huwag magbata ang sinoman sa inyo na gaya ng mamamatay-tao, o magnanakaw, o manggagawa ng masama, o gaya ng mapakialam sa mga bagay ng iba:" (1 Pedro 4:15) Hindi dapat tayong maghirap dahil tayo'y nagkasala, nakagawa ng pagpatay, pagnanakaw, o nakagawa tayo ng masama, o mali sa iba.

at kayo'y pinagwiwikaan ng sarisaring masama na pawang kasinungalingan, Ang pinakamasamang bagay na kanilang iisipin at kakathain laban sa atin ay yaon nagdudulot tayo ng labag sa bayan o pagkakawatak, maari nilang sabihin na tayo'y kaaway ng pamahalaan, at mabuti sa pampubliko, nagkasala ng pagpatay, o ibang mga krimen, ngunit kung ano ang gagawin upang paginhawain tayo ay nasa ilalim ng mabibigat na paratang na ito ay maling inihain ang mga ito; na walang totoong salita sa kanila; kung saan ang ating sariling puso ay hindi tayo sisirain sapagka't lahat ay malisyosong kasinungalingan ng mga tao, lumikha ng layunin upang dalhin sa atin at ang Salita ng Diyos na ating ipinapahayag sa kahihiyan. Tayo ay susumpain nila at sasabihan ng masama ngunit sa wakas tayo ay pinagpala, at pinagtibay, sapagkat ang Langit ay para sa atin, at tayo ay pagpapalain ngunit silang gumagawa ng masaman laban sa atin ay maglalaho. "31 Gayon malipol ang lahat ng iyong mga kaaway, Oh Panginoon: Nguni't yaong mga umiibig sa kaniya ay maging parang araw pagka lumalabas sa kaniyang kalakasan. At ang lupain ay nagpahinga na apat na pung taon." (Mga Hukom 5:31)

* Ang mga tao ay maaring hindi tayo maunawaan at hindi maintindihan kung anong ating ginagawa para sa Diyos at para sa Kanyang Salita kaya naman tayo ay itinuturing nasa masamang paraan kapag ipagpatuloy natin ang katuwiran ni Cristo at gawin ang Kanyang gawain. * Ako'y laging nanalangin na maunawaan ng mga tao kung anong aking ginagawa o kung anong ginagawa ng simbahan, dahil sa mga umuusig sa atin at sa simbahan ay maaring hindi maunawaan ang ating ginagawa, ganon din sila'y maaring linlangin ng diablo o ng iba na kumuha sa kanila na bihag na gawin ang kanilang masamang kalooban. * Kaya naman din kailangan natin patawarin ang mga gumagawa ng masama at umuusig sa atin, ilagay sa ating isip na sila'y nalinlang ng diablo o ng ibang mga tao na sinusubukang hilahin sila palayo mula sa kalooban ng Diyos.

"12 Mangagalak kayo, at mangagsayang totoo: sapagka't malaki ang ganti sa inyo sa langit: sapagka't gayon din ang kanilang pagkausig sa mga propeta na nangauna sa inyo." (Mateo 5:12)

Mangagalak kayo, at mangagsayang totoo: Bakit ang mga alagad ni Jesus at tayo ngayon ay kailangang magalak at mangagsayang totoo kapag tayo ay pinaguusig.? Dahil sa kapangyarihan inilagay sa atin, ang kaluwalhatian na dinala natin kay Cristo at sa Kanyang kadahilanan, sa kagalakan pagdurusa para doon; at dahil sa kaluwalhatian at kasiyahan na siyang susunod sa ating mga paghihirap. Sa Salitang ito ni Jesus ang paghihirap ng mga banal ay tatanggap ng kaaliwan. Sila ay tayo ay pinagpala para sa kanila ngayon, sa kanilang habang -buhay ay tatanggapin ang masamang mga bagay, gaya ng sinabi ni Abraham sa mayamang lalaki. "Datapuwa't sinabi ni Abraham, Anak, alalahanin mo na ikaw ay tumanggap ng iyong mabubuting bagay sa iyong pamumuhay, at si Lazaro sa gayon ding paraan ay masasamang bagay: datapuwa't ngayon, ay inaaliw siya rini, at ikaw ay nasa kahirapan." (Lucas 16:25) Paguusig, pagtanggi, paghihiwalay, pagbubukod, pagaalsa at ang lahat ay tanda ng ating ganting-pala s Langit. Ang kabaligtaran niyaon ay kapag tayo ay nabuhay sa kasaganaan at ayaw magdusa para kay Cristo. "24 Datapuwa't sa aba ninyong mayayaman! sapagka't tinanggap na ninyo ang inyong kaaliwan. 25 Sa aba ninyo mga busog ngayon! sapagka't kayo'y mangagugutom. Sa aba ninyong nagsisitawa ngayon! sapagka't kayo'y magsisitaghoy at magsisitangis." (Lucas 6:24-25) Kaya kapag tayo'y nabubuhay sa kadalamhatian para kay Cristo tayo'y gagantimpalaan at aaliwin sa Langit. Ngunit kapag ating pinapurihan ang mga tao at makipagkompromiso sa kanila at mahalin nila tayo at gustuhin tayo, at tanggihan natin sawayin sila para sa kanilang mga kasalanan upang iwasan ang kadalamhatian at paguusig sa gayo'y ang poot ng Diyos ay siyang maiiwan sa atin. Kapag ating pinapapurihan ang mga tao at ang mga tao ay pinapurihan tayo at sa ganoon ating matatangap ang sumpa ng Diyos. "26 Sa aba ninyo, pagka ang lahat ng mga tao ay mangagsalita ng magaling tungkol sa inyo! sapagka't sa gayon ding paraan ang ginawa ng kanilang mga magulang sa mga bulaang propeta." (Lucas 6:26)

Sapagkat malaki ang ganti sa inyo ng langit; Ang mga banal ay hindi umasa kanilang ganting-pala dito, kundi sa kabilang buhay, ang Diyos mismo ay magiging kanilang ganting-pala; Siya ang lahat lahat: si Cristo at ang lahat ng Kanyang kaluwalhatian, at ang lahat ng kayamanang ito ay magiging ganting-pala ng mamanahin. Kung tayo ay nagdadalamhati ngayon ng pagtanggi at paguusig, sa huli tatanggapin natin ang ating ganting-pala at ang pagpapala ng Langit. Tayo ay pinagpala kaya naman ito ay itinatagubilin ni Cristo na maging magalak habang tayo'y nagdadalamhati, sapagkat ito ay isang karangalan sa atin kagaya ng mga apostoles at mga alagad ni Jesus. "Sila nga'y nagsialis sa harapan ng Sanedrin, na nangatutuwang sila'y nangabilang na karapatdapat na mangagbata ng kaalimurahan dahil sa Pangalan." (Mga Gawa 5:41) "16 Nguni't kung ang isang tao ay magbata na gaya ng Cristiano, ay huwag mahiya; kundi luwalhatiin ang Dios sa pangalang ito." (1 Pedro 4:16) Tayo ay magalak at isaalang alang itong karapatdapat na magdusa sa kahihiyan para sa Kanyang pangalan.

Tayo din ay inutusan upang magalak upang ating ipagpatuloy ang ating paglalakbay sa mabuting moral at sa isang mabuting espiritu hanggang tayo'y makaabot sa Langit.

Ganon din ang paguusig ay kasangkot ng pagbubukod at paghihiwalay, sapagkat ang kaaway ay susubukang ibukod tayo upang maramdaman ang kalungkutan upang matakot at sumuko. "22 Mapapalad kayo kung kayo'y kapootan ng mga tao, at kung kayo'y ihiwalay nila, at kayo'y alimurahin, at itakuwil ang inyong pangalan na tila masasama, dahil sa Anak ng tao.23 Mangagalak kayo sa araw na yaon, at magsilukso kayo sa kagalakan; sapagka't narito, ang ganti sa inyo'y malaki sa langit; sapagka't sa gayon ding paraan ang ginawa ng kanilang mga magulang sa mga propeta." (Lucas 6:22-23) Dito ang isang bagay na ating haharapin sa ating buhay ay lumakad sa makipot na daan, ay yaon ay mawawala ang mga tao, at ang mga tao ay kamumuhian tayo, iiwanan tayo, ang iba ay hihilahin ang iba mula sa atin upang ibukod tayo at putulin ang iba't ibang mga pinagkukunan mula sa atin. Dito ang Panginoon ay inutusan tayong magalak at tumalon sa tuwa. Oo hindi ko kayang tumalon sapagka't hindi ko kayang lumukso, ngunit ako'y nagagalak sa paguusig kahit na mayroon akong sakit.

Ang paguusig ay isang pagkakataon ng pagluluwalhati kay Cristo sa paggawa ng mabuti at sa pagpaparanas ng espesyal na pagaliw at pagbisita ng biyaya at tanda ng Kanyang presensya. "5 Sapagka't kung paanong sumasagana sa atin ang mga sakit ni Cristo, ay gayon din naman ang aming kaaliwan ay sumasagana sa pamamagitan ni Cristo." (2 Corinto 1:5)  Ating matatanggap ang masaganang pagaaliw mula kay Cristo, lalo na kapag ang ating iniibig at pinaglilingkuran sila ang nanakit sa atin at nagpapahamak sa atin.

Tayo ay gagantihan para sa atin na pinagusig ay ang kaharian ng langit. Mayroon tayo sa kasalukuyan ay isang tiyak na karapatan para dito, sapagkat tayo ay pinangakuan ng ganting-pala, "sapagka't ang iyong ganting-pala ay sa langit." Ito ay isang malaking ganting-pala. Ito ay nasa Langit, matatanggap natin ito sa hinaharap, ito ay ang ating tinitingnan; ngunit may maayos na katiyakan, hindi maabot ng pagkawasak, panloloko at dahas. Langit sa wakas, ito ay magiging masaganang pagtanggap, para sa lahat ng mga kahirapan na ating naranasan sa ating daan. Para sa kadahilanang ito, bilang tayo, at sa lahat ng pinagusig ay tatanggap ng kaligtasan at ang ganting-pala ay sa Langit, ang gayong kagalakan ay ilalagay sa ating mga puso at isip.

Si Cristo ay nasa atin kapag tayo ay iniinsulto, nilalait, o pinaguusig. "25 Siya'y sumagot, at nagsabi, Narito, aking nakikita ay apat na lalake na hindi gapos na nagsisilakad sa gitna ng apoy, at sila'y walang paso; at ang anyo ng ikaapat ay kawangis ng isang anak ng mga dios." (Daniel 3:25) Si Cristo ay kasama ng tatlong mga kaibigan ni Daniel. Ating basahin ang buong kasaysayan at
at makakuha ng inspirasyon at maganyak.

"Si Nebuchadnezzar ay gumawa ng isang larawang ginto na ang taas ay anim na pung siko, at ang luwang niyao'y anim na siko: kaniyang itinayo sa kapatagan ng Dura, sa lalawigan ng Babilonia.2 Nang magkagayo'y nagsugo si Nabucodonosor na hari upang pisanin ang mga satrapa, ang mga kinatawan, at ang mga gobernador, ang mga hukom, ang mga tagaingat-yaman, ang mga kasangguni, ang mga pinuno, at ang lahat na pinuno sa mga lalawigan upang magsiparoon sa pagtatalaga ng larawan na itinayo ni Nabucodonosor na hari. 3 Nang magkagayo'y ang mga satrapa, ang mga kinatawan, at ang mga gobernador, ang mga hukom, ang mga tagaingat-yaman, ang mga kasangguni, ang mga pinuno at lahat ng pinuno sa mga lalawigan, ay nagpisan sa pagtatalaga ng larawan na itinayo ni Nabucodonosor na hari; at sila'y nagsitayo sa harap ng larawan na itinayo ni Nabucodonosor.( Sa sanglibutang ito na napapaligiran ng mga tao na nakapokus sa ilang mga bagay kagaya ng kapangyarihan, mga armas, nuclear na kapangyarihan, mga siyentipikong pagtuklas at ang kapangyarihan ng pananalapi sa paggawa ng mga bagay at walang silang alam tungkol sa Diyos at sa kapangyarihan ng Diyos. Samakatuwid ang isang layunin ng paguusig  ay yaon ay kailangan nating hayaan ang mga tao na makilala ang Diyos at iderikta sila sa Diyos at kung ano ang Kanyang magagawa sa kanilang buhay. Dito ang hari ay gumawa ng isang malaking paghahanda, isang imahe, ang pangmusika  at ang mga instrumento, at pinulong ang lahat ng uri ng mga hari upang parangalan ang kanyang sarili sa imaheng yaon. Kapag tayo ay nabuhay para kay Cristo at para sa Kanyang katuwiran, pagpapangaral sa Kanyang Salita at pamumuhay sa Kanyang Salita, tayo ay makakatagpo ng mga taong ang kagalakan ay parangalan ang kanilang mga sarili, sa kanilang buhay, sa kanilang pangalan, at mga pagkakamit. Bueno hindi tayo naabala sa kanilang ginagawa  sa kanilang sarili ngunit ang panahon ay darating na nais nilang ang iba ay kumilos at parangalan sila ng higit kaysa anong nararapat sa kanila, o sa isang paraan na salungat sa Salita ng Diyos, gaya ng ginawa ng  hari dito): 4 Nang magkagayo'y ang tagapagtanyag ay sumigaw ng malakas, Sa inyo'y iniuutos, Oh mga bayan, mga bansa, at mga wika, 5 Na sa anomang oras na inyong marinig ang tunog ng korneta, ng plauta, ng alpa, ng sambuko, ng salterio, ng gaita, at ng lahat na sarisaring panugtog, kayo'y mangagpatirapa at magsisamba sa larawang ginto na itinayo ni Nabucodonosor na hari;( yaong kahilingan ay hindi tama kung saan ang hari ay pinipilit ang mga tao na sumabay sa kanya at sambahin ang idolo na kanyang nilikha. Ayon sa Salita ng Diyos hindi dapat tayong sumamba sa mga idolo o mga imahe. Samakatuwid,  yaon ay kinakailangang harapin at bago siya nakagawa ng isang kautusan upang usigin ang mga tumangging sumabay sa kanya.) 6 At sinoman na hindi magpatirapa at sumamba sa oras na yaon ay ihahagis sa gitna ng mabangis na hurnong nagniningas.( Dito makikita nating malinaw kung paanong mabuhay ng buhay na matuwid para sa Diyos at kay Cristo iiwasan natin ang utos ng diablo at ang mga instrumento nito upang pilitin tayo sa kanilang paguusig na gumawa ng masama at kasalanan laban sa Diyos sa pagpupumilit sa atin upang lumihis tayo sa Diyos at kumilos sa direksyon palayo mula sa Diyos at mula sa Kanyang mga paraan.  Ang diablo at ang mga tao na ginagamit upang pilitin tayo na magsabi ng kasinungalingan,  na mandaya, na makipagkompromiso,  na magbigay papuri  na pumunta sa mga pagdiriwang, sa gayo'y kailangan nating tumanggi at iwasan mula sa paggawa ng mga ganoon.) 7 Kaya't sa oras na yaon, pagkarinig ng buong bayan ng tunog ng korneta, ng plauta, ng alpa, ng sambuko, ng salterio, at ng lahat na sarisaring panugtog, lahat na bayan, mga bansa, at mga wika, ay nangagpatirapa at nagsisamba sa larawang ginto na itinayo ni Nabucodonosor na hari.( Ang lahat ng mga tao na hindi kilala ang Diyos ay gagawin ang ganoon, ngunit tayo na mga tao ng Diyos hindi tayo dapat lumihis sa ating landas sa pamumuhay patungo sa Diyos upang humayo at gumawa ng masama laban sa Kanya. Hindi tayo yumuko sa kasinungalingan,  sa pandaraya, sa pagnanakaw, sa pagmamalaki, sa pagpapapuri, sa mga pagdiriwang, sa mga kaganapan, sa makamundong handaan, sa immoralidad, sa pagkampi, at magkaroong ng pabor sa mayayaman at makapangyarihang mga tao kapag sila na nasa kamalian at sa kasalanan. Ang lahat ng mga tao ay gagawin yaon, ngunit tayo ang bayan

ng Diyos ay hindi dapat gawin ang gayon. Lahat ng mga taong gumawa ay hindi kilala ang Diyos at dito ang layunin ng paguusig ay
hindi lamang subukin ang ating pananampalataya, kundi tayo ay tinawag upang ipatotoo ang tungkol sa Diyos at hayaan ang mga taong
ito'y maranasan Siya at ang Kanyang presensya at ang Kanyang kapangyarihan.) 8 Dahil dito sa oras na yaon ay nagsilapit ang ilang taga
Caldea, at nagsumbong laban sa mga Judio.( Dito ang diablo ay dumating at ginamit ang mga tao, minsan ang mga tao ang kanilang mga
sarili sila'y kusang loob na gumawa ng masama laban sa atin, upang sila'y makatanggap ng pabor sa iba. Sila'y darating at iuulat tayo at
ilalagay tayo sa mga kaguluhan sa pagsasabi ng kwento kung paanong tayo ay sumuway sa mga utos na nais sa atin upang
makipagkompromiso sa Salita ng Diyos at sa alintuntunin ng Diyos. Kailangan nating sumuway sa ganoong utos at iwasang gumawa ng
mali at kasalanan laban sa Diyos at laban sa Kanyang Salita dahil tayo ay ang tunay na bayan ng Diyos.) 9 Sila'y nagsisagot, at
nangagsabi kay Nabucodonosor na hari, Oh hari, mabuhay ka magpakailan man.( Pagmasdan dito ang wika ng pagpapapuri sa hari, ng
pagsasabi oh hari mabuhay ka magpakailanman)10 Ikaw, Oh hari, nagpasiya, na bawa't tao na makarinig ng tunog ng korneta, ng plauta,
ng alpa, ng sambuko, ng salterio, ng gaita, at ng lahat na sarisaring panugtog, ay magpapatirapa, at sasamba sa larawang ginto.( Sila'y
nagsimulang palakihin at sambahin at pagandahin ang ginawa ng hari, yaon ay kung paanong ang mga tao ay hindi nakakilala sa Diyos ay
magbibigay papuri at sasambahin ang mga makamundo at ang makadiablong pagkakamit.)11 At sinomang hindi magpatirapa at
sumamba, ihahagis sa gitna ng mabangis na hurnong nagniningas.12 May ilang Judio na iyong inihalal sa mga gawain sa lalawigan ng
Babilonia na si Sadrach, si Mesach, at si Abed-nego; ang mga lalaking ito, Oh hari, ay hindi ka pinakundanganan: sila'y hindi
nangaglilingkod sa iyong mga dios, ni nagsisisamba man sa larawang ginto na iyong itinayo.( Dito pagkatapos nilang palakihin sa hari at
sa kanyang ginawa, sa gayo'y sa huli kanilang iniharap sa mga tao ng Diyos bilang mga taksil sa utos ng hari, habang sila'y kumikilos
bilang mga opisyal na hinirang sa lahat ng gawain ng lalawigan ng babilonia . Sila'y gumawa para sa kanila ng ganap ng nilutong kwento
upang itulak sila sa apoy ng paguusig. Sila'y nagsabi sa hari na binigyan ang tatlong kaibigan ni Daniel ng trabaho, at binigyan sila ng kita
at pagtatalaga samakatuwid sila dapat ang maunang pumunta at suportahan ka at aprobahan ang iyong ginawa. Hindi dapat tayo ang
manguna sa pagsangayun sa maling gawain kahit na itoy makakaapekto sa ating trabaho at sa ating kinikita.)13 Nang magkagayo'y sa
poot at pusok ni Nabucodonosor, ay nagutos na dalhin si Sadrach, si Mesach, at si Abed-nego. Kanila ngang dinala ang mga lalaking ito
sa harap ng hari. ( Ang paguusig ay nagtataguyod ng galit ng masama laban sa atin, at yaon ay magdadala sa atin ng higit na pinsala laban
sa atin. Kaya dito makikita natin ang kapangyarihan ng masama sa paguusig sa pamamagitan ng dila. Ito ay nagsisimula sa dila at
pagsulong sa materyal na pagkawala at karahasan at pisikal na mga pinsala)14 Si Nabucodonosor ay sumagot, at nagsabi sa kanila,
Sinasadya nga ba ninyo, Oh Sadrach, Mesach, at Abed-nego, na kayo'y hindi mangaglilingkod sa aking dios, ni magsisisamba man sa
larawang ginto na aking itinayo?( Ang hari ay hindi naniniwala na ginawa nila ang ganoon at yaon ay hindi sila yumukod sa kanyang utos
at hindi sumamba sa imahe na kanyang ginawa at hindi sumunod sa alintuntunin na kanyang inilabas.) 15 Kung kayo nga'y magsihanda
sa panahong inyong marinig ang tunog ng korneta, ng plauta, ng alpa, ng sambuko, ng salterio, ng gaita, at ng lahat na sarisaring
panugtog, na mangagpatirapa at magsisamba sa larawan na aking ginawa, mabuti: nguni't kung kayo'y hindi magsisamba, kayo'y ihahagis
sa oras ding yaon sa gitna ng mabangis na hurnong nagniningas; at sinong dios ang magliligtas sa inyo sa aking kamay?( Dito ang hari ay
binigyan sila ng pangwakas na babala, kung hindi sila'y itatapon sa nagaapoy na hurno. Ang mga tao ay hahamunin tayo sa
paghihiwalay, pagbubukod, pagaalsa at sa ibang pagbabanta kung tayo ay yuyukod sa kanilang kahilingan. Ang hari din ay hinamon ang
Diyos, na hindi Niya kayang iligtas sila, sa pagsasabi sa kanila "At sino ang Diyos ba yaon na magliligtas mula sa aking mga kamay? Sa
mga umuusig sa atin dahil tayo ay labag sa kanilang simulain at tumangging yumukod sa kanila, katotohanan na kanilang hinahamon ang
Diyos at inilalagay sa pagsubok. Samakatuwid kapag tayo ay pinaguusig malaki ang pag-asa ng Diyos sa atin upang tumayo at
ipagtanggol ang Kanyang layunin. Kung tayo ay kikilos kagaya ng ibang mga tao at gawin ang maling mga bagay na hiniling sa atin
upang gawin, sa gayo'y tayo ay mawawala, at ang Diyos ay hindi maluluwalhati sa ating buhay. Ngunit hindi natin bibiguin ang Diyos ,
sapagkat ang matuwid ay nabubuhay sa pananampalataya, at dito tayo ay may pananagutan na tumayo sa hamon at ang paguusig na
inilalagay ng diablo laban sa atin. 16 Si Sadrach, si Mesach, at si Abed-nego, ay nagsisagot, at nangagsabi sa hari,
Oh Nabucodonosor, kami ay walang kailangan na magsisagot sa iyo sa bagay na ito.( Sila'y hindi nagbigay papuri sa hari habang ang mga
ito ay inaakusahan sila, ngunit sila'y tinawag niya sa kani kaniyang pangalan lamang. Hindi sa gayon na hindi sila nagbigay respeto sa
kanya, kundi dahil dito ngayon ay may kaugnayan sa Diyos na ating sinasamba nilinaw nila sa kanya na sila'y tapat sa Hari ng mga hari at
ang Panginoon ng mga panginoon, ang ating Panginoong Jesus Cristo. Kailangan nating tumayong matatag sa ganoong pangyayari. Dapat
nating linawin sa mga umuusig sa atin na tayo ay tapat kay Jesus at Siya lamang ang ating Hari na ating sinasamba at yuyukod sa Kanya.
Sabay sabay nilang itinuro kay Nebuchadnezzar patungo sa Diyos, sinabi nila sa hari na mayroong Diyos na kanilang pinaglilingkuran,
na Siya lamang ang magtatanggol sa kanila. Samakatuwid sa paguusig ating itinataas ang pangalan ng Diyos at sinasabi natin sa buong
mundo na ang Diyos ang lalaban para sa atin, at sa paninindigan ating binibigyang daan ang Diyos upang gumawa ng himala sa ating
buhay gaya ng makikita natin sa kaganapang ito). 17 Narito, ang aming Dios na aming pinaglilingkuran ay makapagliligtas sa amin sa
mabangis na hurnong nagniningas; at ililigtas niya kami sa iyong kamay, Oh hari. (Sinabi nila na ang Diyos ang magliligtas sa kanila
mula sa nagliliyab at mula sa kanyang mga kamay. Oo ang Diyos ang magliligtas sa atin mula sa pagaalsa, sa pagbubukod, asa
paghihiwalay, sa walang katarungan, sa mga pinsala, sa kanilang pagtuya, at sa kanilang katiwalian at ang walang katarungan) 18 Nguni't
kung hindi, talastasin mo, Oh hari, na hindi kami mangaglilingkod sa iyong mga dios, ni magsisisamba man sa larawang ginto na iyong
itinayo.( Sinabi din nila na kahit sa pinakamalubhang sitwasyon, at kahit ang Diyos ay hindi makialam, para sa anumang dahilan na nasa
Kanyang isip, hindi pa rin namin gagawin ang pinaka masamang bagay na hinihiling mo sa amin na gawin).19 Nang magkagayo'y
napuspos ng kapusukan si Nabucodonosor, at ang anyo ng kaniyang mukha ay nagbago laban kay Sadrach, kay Mesach, at kay Abed-
nego: kaya't siya'y nagsalita, at nagutos na kanilang paiinitin ang hurno ng makapito na higit kay sa dating pagiinit.( Kapag tayo'y
nanindigan para sa katotohanan, ang mga tao ay magagalit sa atin, ang kanilang mukha ay magbabago laban sa atin, at gagawin nila ang
lahat ng kanilang magagawa upang maghiganti sa atin at saktan tayo o lipulin tayo sa anumang paraan at tapusin ang ating buhay upang
tapusin ang ating ministerio sapagkat ang ating paninindigan at patotoo ay laban sa kanila). 20 At kaniyang inutusan ang ilang malakas na
lalake na nangasa kaniyang hukbo na gapusin si Sadrach, si Mesach, at si Abed-nego, at sila'y ihagis sa mabangis na hurnong
nagniningas.( Marami sa mga naninindigan at sumusuporta sa mga umuusig sa atin. Ang takot sa tao ay magtutulak sa kanila na gawin
yaon laban sa atin. Ganon din hindi nila nakikita ang Diyos. Makikita mo na maraming pagaaklas laban sa matutuwid, sapagka't hindi nila
kayang dalhin ang paninindigan ng matuwid ng mga matutuwid na mga tao. Ang saloobin ng hari na ang makapangyarihang mga tao na

kasama niya ay ang kanyang kapangyarihan, dahil hindi niya pa nararanasan ang kapangyarihan ng Diyos. 21 Nang magkagayo'y ang mga lalaking ito'y tinalian na may mga suot, may tunika, at may balabal, at may kanilang ibang mga kasuutan, at sila'y inihagis sa gitna ng mabangis na hurnong nagniningas.( Ang tatlong kaibigan ni Daniel ay walang kapangyarihan, walang magagawa, at silay itinali sa kanilang mga kasuotan at sa ibang mga pananamit upang silay mamatay ng mas matagal at malubhang sakit upang pahirapan sila, at sila'y itapon sa nagliliyab. Ang ganoong pagkakataon ng paguusig, tayo ay walang kapangyarihan at walang magagawa, ang bagay lamang na ating magagawa ay ganap na magtiwala sa Diyos at ganap na isuko sa Kanyang kalooban , na ililigtas Niya tayo. Yaon din ang pagpapahayag na ang matuwid ay nabubuhay sa pananampalataya. Kapag ikaw ay walang kapangyarihan at walang magagawa ito ang panahon na kailangang mong isuko nang ganap sa Diyos at hayaan mo Siyang maghari sa iyong buhay, magtiwala sa Kanya na aalisin ka Niya mula doon. 22 Sapagka't ang utos ng hari ay madalian, at ang hurno ay totoong mainit, napatay ng liyab ng apoy ang mga lalaking yaon na nagsibuhat kay Sadrach, kay Mesach, at kay Abed-nego.(Ang unang himala na ginawa ng Diyos ay pinatay Niya ang mga nagsibuhat sa kanila sa apoy. Ang Diyos ay dakila at makapangyarihan upang iligtas tayo at ipagtanggol tayo sa panahon ng mga kaguluhan. Ang unang bagay na nasaksihan ng hari ay ang kanyang makapangyarihang mga tao ay unang nalagay sa kamatayan.23 At ang tatlong lalaking ito, si Sadrach, si Mesach, at si Abed-nego, ay nagsibagsak na nagagapos sa gitna ng mabangis na hurnong nagniningas.(Sila'y bumagsak na nakagapos sa apoy. Yaon ang masamang bagay ngunit isang kaluwagan para sa kanila, sapagkat ang apoy ay tinupok ang lubid at nakagapos na nakatali sa kanila. Ang paguusig na ating pinagdadaanan ay tutunaw sa nakagapos at ang tanikala na nakahigpit sa atin. Ang Diyos sa gitna ng pagsubok ay kasama natin. Hahayaan niya ang mga kaaway ay mamangha sa kung anong Kanyang ginagawa sa ating buhay upang iligtas tayo mula sa kapangyarihan ng kadiliman) 24 Nang magkagayo'y si Nabucodonosor na hari ay nagtaka, at tumindig na madali: siya'y nagsalita at nagsabi sa kaniyang mga kasangguni, Di baga ang ating inihagis ay tatlong gapos na lalake sa gitna ng apoy? Sila'y nagsisagot, at nangagsabi sa hari, Totoo, Oh hari.( Inihagis nila ang tatlong lalaki, ngunit ngayon ang hari ay may nakikitang iba na nagawa niya mamangha tinatawag ang ibang lalaki upang patotohanan sa kanya at upang patunayan sa kanila kung ang kanyang nakikita ay totoo na ngayon lang malinaw sa kanya. Pinatunayan nila ito sa kanya) 25 Siya'y sumagot, at nagsabi, Narito, aking nakikita ay apat na lalake na hindi gapos na nagsisilakad sa gitna ng apoy, at sila'y walang paso; at ang anyo ng ikaapat ay kawangis ng isang anak ng mga dios.( Nagawa ng Haring makita si Jesus , Ang anak ng Diyos, sa gitna ng paguusig na siya ay nakipaglaban sa bayan ng Diyos. Hinayaan ng Diyos ang paguusig na dumating sa atin, upang Siya ay maghari, maluwalhati, at ipahayag ang Kanyang sarili sa iba na umuusig sa atin) 26 Nang magkagayo'y lumapit si Nabucodonosor sa bunganga ng mabangis na hurnong nagniningas: siya'y nagsalita, at nagsabi, Sadrach, Mesach, at Abed-nego, kayong mga lingkod ng Kataastaasang Dios, kayo'y magsilabas at magsiparito. Nang magkagayo'y si Sadrach, si Mesach, at si Abed-nego, ay nagsilabas mula sa gitna ng apoy.( Pagkatapos ng paguusig ng mga tao sa atin at sumaksi kung paano tayong ipinagtanggol ng Diyos at pinalaya Niya tayo mula sa pagkatali at sa pagbabawal ng paguusig, at makikita nila ang Diyos ay sumasaatin at sila'y magsisimulang magkaroon ng pananampalataya sa atin at sa Diyos at isasaalang alang tayo ang mga alagad ng kataas taasang Diyos. Si Haring Nebuchadnezzar ay naniwala sa Diyos habang kanyang inusig ang tatlong lalaki ng Diyos). 27 At ang mga satrapa, ang mga kinatawan, at ang mga gobernador, at ang mga kasangguni ng hari na nangagkakapisan ay nakakita sa mga lalaking ito, na ang apoy ay hindi tumalab sa kanilang mga katawan, ni ang mga buhok man ng kanilang mga ulo ay nasunog, ni ang kanila mang mga suot ay nabago, ni nagamoy apoy man sila.( Ang nga tao ay sasaksi sa lahat ng masama at ang paguusig na ginawa nila sa atin ay hindi nakasakit sa atin o nakaapekto sa atin at tayo katulad ng dati, patuloy na naglilingkod sa buhay na Diyos, at yaon ang magbibigay kaluwalhatian sa Diyos na nagprotekta sa atin sa ganoong panahon). 28 Si Nabucodonosor ay nagsalita at nagsabi, Purihin ang Dios ni Sadrach, ni Mesach, at ni Abed-nego, na nagsugo ng kaniyang anghel, at nagligtas sa kaniyang mga lingkod na nagsitiwala sa kaniya, at binago ang salita ng hari, at ibinigay ang kanilang mga katawan, upang sila'y hindi maglingkod ni sumamba sa kanino mang dios, liban sa kanilang sariling Dios.( Pinagpala ng hari ang Diyos, at pinagpala ang kanyang mga alagad na humamon sa kanya at sumalungat sa kanyang salita at tumangging sumamba sa diosdiosan. Dapat tayong tumanggi na sumamba sa pera, gamot, mga tao, mga doktor, makinarya, mga armas, mga kaibigan at ang lahat ng uri ng kapangyarihan. Ang hari ay nagpatotoo sa Diyos na ipinadala Niya ang Kanyang mga angel upang iligtas ang kanyang mga alagad. Sa ating pagdurusa at sa ating paguusig ang Diyos sa sasaatin at ipagtatanggol Niya tayo at kikilos upang iligtas tayo gaya ng ipinahayag ni propeta Isaiah, "Sa lahat nilang kadalamhatian ay nagdadalamhati siya, at iniligtas sila ng anghel na nasa kaniyang harapan: sa kaniyang pagibig at sa kaniyang pagkaawa ay tinubos niya sila; at kaniyang kinilik sila at kinalong silang lahat noong araw." (Isaiah 63:9).29 Kaya't nagpapasiya ako, na bawa't bayan, bansa, at wika, na magsalita ng anomang kapulaan laban sa Dios ni Sadrach, ni Mesach, at ni Abed-nego, pagpuputolputulin, at ang kanilang mga bahay ay gagawing dumihan: sapagka't walang ibang dios na makapagliligtas ng ganitong paraan.(Ngayon ginamit ng Diyos ang hari na naniwala upang magebanghelyo at ipinangako niya na ipagtatanggol at poprotektahan ang bayan ng Diyos at paparusahan ang sinumang tao na magsasalita laban sa totoong Diyos. Kaya't dito dapat hindi tayo matakot o makipagkompromiso o magbigay papuri kapag tayo'y hinahamon at hilingin na gawin ang maling mga bagay, ngunit sa halip kailangan nating magtiwala na tutulungan tayo ng Diyos at ililigtas tayo mula sa lahat ng kamay ng masama na ginagamit ng diablo upang saktan tayo. Sa aking mahal at minamahal: Habang tayo'y nagtitiwala sa Diyos. Hindi lamang tayo ililigtas ganon din babaguhin Niya ang mga tao, kahit ang mga taong umuusig sa atin at dadalhin niya ang mga ito sa ating panig. Tayo din ay gagantimpalaan at maitataguyod pagkatapos ng bawat isang panahon ng paguusig. Ang paguusig ay pasisiglahin tayo at pasisiglahin ang simbahan at gagawin tayong malakas. Sinabi ng hari, sapagka't walang ibang dios na makapagliligtas ng ganitong paraan. Walang sinuman ang kayang makapagligtas kagaya ng ating Panginoong JesuCristo, mula sa kasalanan hanggang kamatayan at mula sa lahat ng kapangyarihan ng diablo at ang kapangyarihan ng masamang mga tao). 30 Nang magkagayo'y pinaginhawa ng hari si Sadrach, si Mesach, at si Abed-nego, sa lalawigan ng Babilonia.

Ang aking Panalangin:

Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na namatay at nabuhay mula sa kamatayan ng ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa iyong Salita na nagawa kong maunawaan ang iyong kalooban sa akin upang usigin, at kung paano ko kailangan magtiyaga at dalhin ang pagsubok ng paguusig pagtitiis ng sabwatan ng mga tao, pangiinsulto, kasinungalingan, at panlalait, ekonomiyang pagaaklas, pagbubukod, pisikal na pananakit ng

pinsala at kamatayan. Panginoon salamat sayo para sa paggising sa akin na ang paguusig ay darating habang ako desididong magpatuloy at maglingkod sayo.

Ihayag sa Diyos ang iyong mga kasalanan at talikuran ang iyong pagpapapuri, pakikipagkompromiso sa makamundong mga bagay at makamundong mga kaibigan, at sa iyong walang kagustuhang pagusigin.

Panginoon patawarin no ako sa sumusunod na mga kasalanan

Hinggin sa Diyos ang kapatawaran para sa iyong walang kagustuhan upang usigin. Hinggin sa Diyos ang kapatawaran ng pagpapapuri at pakikipagkompromiso. Hinggin sa Diyos na bigyan ka ng kalakasan at kapangyarihan upang tiisin ang panggigipit at ng iba't ibang mga sakit sa panahon ng buong pagsubok ng paguusig.

Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili na sumunod sa iyong Salitang ito na aking natanggap sa mensaheng ito na maging isang mabuting halimbawa sa iba na nakapaligid sa akin na hindi ka nila nakikilala. Panginoon bigyan ako ng kalakasan at pagpapahinuhod upang kayanin ang sakit at paghihirap habang ako'y naghihintay sa iyong himala upang iligtas ako sa kanilang pananakit at mga pinsalang gawa.

Panginoon ako'y handang linangin at paunlarin ang higit pang bunga ng Banal na Espiritu: pagibig, kapayapaan, kagalakan, kahinahunan, kabutihan, pagpapahinuhod, pagtitiyaga, at mahabang pagtitiis habang ako'y naghihintay para sa iyong mga himala, pagliligtas, sa iyong pangalawang pagdating at ang iyong ganting pala sa Langit.

Panginoon aking idinadalangin ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na tinanggap ang iyong Salita at handang mabuhay ng kanilang buhay para sayo, upang salitain ang iyong Salita, at upang usigin alang alang sayong katuwiran. Panginoon protektahan mo sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon iligtas sila mula sa masama Panginoon gumawa ka ng mga himala sa kanila at paging dapatin sila na magtiyaga sa paglilingkod sayo. Panginoon bigyan sila ng kagalakan, kaluwagan, katiyakan, at kapayapaan. Panginoon bisitahin sila gaya ng pagbisita mo sa tatlong kaibigan ni Daniel. Panginoon iligtas sila, Panginoon patunayan mo sa mga nanguusig na ikaw ang totoong Diyos at sila'y iyong mga alagad. Panginoon aliwin mo sila, itaas mo sila at itaguyod sila ng iyong biyaya sa panahon ng paguusig, habang sila'y handang magebanghelyo, magsimula ng bagong pagaaral ng Bibliya at magtanim ng bagong mga kapisanan. Panginoon gantimpalaan mo sila at pagpalain sila para sa paguusig na kanilang natatangap at pagtiisan para sa iyong pangalan.

Panginoon pagpalain at itaguyod ang aming simbahan. Panginoon tulungan kami, protektahan mo kami, at ibigay ang para sa amin upang magpatuloy sa paglilingkod sayo at gawin ang iyong gawain at ang iyong kalooban. Panginoon protektahan kami mula sa namumuhi sa amin dahil sa iyong Salita at sa nagnanais maghiganti mula sa amin. Panginoon ipagtanggol kami, iligats kami sa mga pananakit at mga kaguluhan. Panginoon bigyan mo pa kami ng higit na mga kaloob ng Banal na Espiritu upang maging handa na makapagebanghelyo at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting balita ni JesuCristo at ng mensahe ng Salita ng Diyos. Panginoon, kami'y nananalangin na paging dapatin mo kaming makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami mula sa kapahamakan nang sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF

ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.